



ST PAULS MEDIA **pastoral ministry**
AMBUHAY
MISSALETTE

FOR A SYNODAL CHURCH: COMMUNION, PARTICIPATION, MISSION
SYNOD 2021-2023



Taon 36 Blg. 40

Ikatlong Linggo sa Karaniwang Panahon (A) — Luntian
Sunday of the Word of God

Enero 22, 2023

WALANG TAPON

G. Leo-Martin Angelo R. Ocampo, OP



Kung makapipili ka ng iyong kmagiging tirahan, saan mo pipiliing tumira? Marahil sa isang mansyon sa loob ng isang malaki at magarang *subdivision*. Pwede rin sa isang maaliwalas at malawak na *farm* sa probinsya. Siguro, maganda rin sa gitna ng lungsod kung saan malapit ka sa mga simbahan, opisina, paaralan, pagamutan, at iba pang mahahalagang establisimiyento.

Nang bumukod si Hesus sa tahanan ng kanyang mga magulang sa Nasaret, pinili niyang tumira sa Capernaum, isang bayan sa Galilea na malapit sa dagat, sa rehiyon ng Zebulun at Neftali. Kahit noong panahon pa ng Matandang Tipan, kilala na ito sa bansag na "Galilea ng mga Gentil" dahil maraming mga Gentil ang naninirahan dito at kahit ang mga Hudiyong tagarito ay nahaluan na rin ng kultura ng mga Gentil. Sa unang tingin, mistulang hindi magandang lugar para pagsimulan ng pangangaral ni Hesus!

Subalit sa kabilang banda, sa simula't-sapul pa lamang ay makikita na rito ang malinaw na prayoridad ni Hesus. Ang sabi nga niya sa parehong Ebang-

helyo, "Hindi ang malulusog ang kailangan ng manggagamot kung hindi ang mga maysakit" (Mt 9:12). Naparito siya upang akayin ang mga makasalanan at lahat ng napalayo sa Diyos pabalik sa kanyang Ama. Kaya nga maliwanag ang kanyang panawagan sa lahat: "Magsisi kayo at talikuran ang inyong mga kasalanan sapagkat malapit nang dumating ang kaharian ng langit" (Mt 4: 17). Kaya nga pinili niya ang mismong lugar na ito na kilala bilang pugad ng kadiliman, upang dito simulang ikalat ang kanyang liwanag.

Bilang mga tao, likas sa atin na piliin kung ano ang madali at kapaki-pakinabang sa atin. Sa kaibigan, halimbawa, mas gusto natin yung palabiro, masarap kasama, at maaasahan sa oras ng kagipitan. Pagdating naman sa mga gamit, mas tinatangkilik natin yung maganda, matibay at kilala. Hindi ito masama at makatwiran lamang.

Ngunit kung minsan, umaabot tayo sa punto na ang gusto lamang natin ay kung ano ang madali at kapaki-pakinabang sa atin. At kung walang silbi

sa atin, wala ring puwang sa ating buhay at daigdig. Ito ang tinatawag ngayon na *cancel culture* o ang tinatawag ni Papa Francisco na *throw-away culture*. Sa makasariling lohika ng kultura ng kansel o kultura ng gamit-tapon, mahalaga lang ang mga bagay at tao kung may silbi sila sa atin. Kung walang silbi o wala nang silbi, paalam! Kung pabigat at pahirap sa buhay, lalo na!

Kabaliktaran ng kulturang ito ang halimbawang ipinapakita sa atin ngayon ni Hesus. Pinipili niya ang hindi pinipili at binibigyan niya ng pagkakataon. Wala siyang kinakansel. Wala siyang tinatapon. Kung nais talaga nating sundan at tularan si Hesus, mahirap man ito ay pipiliin nating kaibiganin ang mga taong masama ang ugali at walang nagmamahal dahil mas kailangan nila ng kaibigan at pagmamahal. Kahit ang ating mga krus sa buhay ay kusa nating tatanggapin at yayakapin kung ito ang kalooban ng Ama. At kung ganito nga ang ating gagawin ay tunay nang sumapit sa ating piling ang Kaharian ng Diyos.

PASIMULA

Antipona sa Pagpasok

(Slm 96:1, 6)

(Basahin kung walang pambungad na awit)

Panginoon’y papurihan, bagong awit s’ya’y awitan. Umawit ka, sanlibutan, sa dangal n’ya’t kabanalan, at ganda sa dalanginan.

Pagbati

(Gawin dito ang tanda ng krus)

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

Paunang Salita

(Maaaring basahin ito o isang katulad na pahayag)

P—Sa Ebanghelyo, sinisimulan ni Hesus ang kanyang pagmimisyon. Bago niya ipahayag ang Mabuting Balita sa lahat, humirang muna siya ng mga magiging katuwang niya sa pagiging saksi at pagsasabuhay ng Paghahari ng Diyos. Humirang siya ng mga simpleng mangingisda at sila’y inatasan: “Sumunod kayo sa akin, at gagawin ko kayong mamamalakaya ng mga tao.”

Pagsisisi

P—Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo’y maging marapat sa pagdiriwang ng banal na paghahaing nagdudulot ng kapatawaran ng Maykapal. *(Tumahimik)*

P—Panginoon, kami’y nagkasala sa iyo.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

P—Kaya naman, Panginoon, ipakita mo na ang pag-ibig mong wagas.

B—Kami ay lingapin at sa kahirapan ay iyong iligtas.

P—Kaawaan tayo ng maka-pang-yarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B—Amen.

P—Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

P—Kristo, kaawaan mo kami.

B—Kristo, kaawaan mo kami.

P—Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

Gloria

Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Pambungad na Panalangin

P—Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming makapangyarihan, itaguyod mo ang aming ginagampanan alinsunod sa iyong kalooban upang sa ngalan ng Anak mong mahal kami’y maging marapat magkaroon ng karagdagan sa aming paggawa ng mga kabutihan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa (Is 8:23b–9:3)

(Umupo)

Winika ni propeta Isaias na sa pagdating ng Panginoon, ang mga pook na dumanas ng pang-aapi at paghihirap ay magagalak sa kaligtasang hatid ng Diyos.

Pagbasa mula sa aklat ni propeta Isaias

SA MGA nakaraang araw,

inilagay niya sa kahihyan ang lupain ng Zabulon at ang lupain ng Neftali. Nguni’t sa panahong darating, dadakilain niya ang lupaing ito, mula sa Dagat Mediteraneo hanggang sa ibayo ng Jordan, ang Galilea ng mga Hentil.

Nakatanaw ng isang malaking liwanag ang bayang malaon nang nasa kadiliman, namanaag na ang liwanag sa mga taong namumuhay sa lupaing balot ng dilim. Iyong pinasigla ang kanilang pagdiriwang, dinagdagan mo ang kanilang tuwa. Tulad ng mga tao sa panahon ng anihan, tulad ng mga taong naghahati ng mga nasamsam na kayamanan. Nilupig mo ang bansang umalipin sa iyong bayan tulad ng pagkalupig sa hukbo ng Madian. Binali mo ang panghambalos ng mga tagapagpahirap sa kanila.


—Ang Salita ng Diyos.

B—Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Slm 26)

T—Panginoon’y aking tanglaw, siya’y aking kaligtasan.

Sr. M.C.A. Parco, FSP



1. Tanglaw ko’y ang Poon, aking kaligtasan,/ kaya walang takot ako kaninuman;/ sa mga panganib kanyang iingatan,/ kaya naman ako’y walang agam-agam. **(T)**

2. Isang bagay lamang ang aking mithiin,/ isang bagay itong sa Poon hiniling:/ ang ako’y lumagi sa banal na templo/ upang kagandahan niya’y mamasdan ko/ at yaong patnubay niya ay matamo. **(T)**

3. Ako’y nananalig, ako’y mabubuhay/ at sasaksihan ko ang ’yong kabutihan/ na igagawad mo sa mga hinirang./ Sa Panginoong Diyos tayo’y

magtiwala;/ tayo ay umasa sa kanyang kalinga! (T)

Ikalawang Pagbasa (1 Cor 1:10–13, 17)

Ayon kay San Pablo, matatamo natin ang pagkakaisa kung tatanggapin natin ang krus ni Hesus bilang bukal ng ating kaligtasan.

Pagbasa mula sa unang sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

MGA KAPATID: Ako’y nana-nawagan sa inyo sa ngalan ng ating Panginoong Hesukristo: magkaisa kayo sa pananalita, isipa’t layunin upang mawala sa inyo ang pagkakabaha-bahagi. Sapagkat ibinalita sa akin ng mga tauhan ni Cloe na kayo raw ay may mga alitan. Ito ang tinutukoy ko: sabi ng isa, “Kay Pablo ako”; sabi naman ng isa, “Ako’y kay Apolos.” May iba namang nagsasabi, “Kay Pedro ako”; at may nagsasabi pang, “Ako’y kay Kristo.” Bakit? Na-hahati ba si Kristo? Si Pablo ba ang ipinako sa krus para sa inyo? Bininyagan ba kayo sa ngalan ni Pablo? Sinugo ako ni Kristo, hindi upang magbinyag kundi upang mangaral ng Mabuting Balita. Ipinangaral ko nga ito, ngunit hindi sa pamamagitan ng pananalitang batay sa karunungan ng sanlibutan upang sa gayo’y hindi mawalan ng kabuluhan ang kamatayan ni Kristo sa krus.

—Ang Salita ng Diyos.

B—Salamat sa Diyos.

Aleluya (Mt 4:23) (*Tumayo*)

B—Aleluya! Aleluya! Ipinangaral ni Hesus ang paghahari ng Diyos; sakit ay kanyang ginamot. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita (Mt 4:12–23)

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo

B—Papuri sa iyo, Panginoon.

NOONG panahong iyon, nabalitaan ni Hesus na ibinilanggo

si Juan, kaya’t bumalik siya sa Galilea. Ngunit hindi na siya sa Nazaret nanirahan kundi sa Capernaum. Ang bayang ito ay nasa baybayin ng Lawa ng Galilea, sa mga hangganan ng Zabulon at Neftali. Sa gayo’y natupad ang sinabi ni Propeta Isaias: “Ang lupain ng Zabulon at lupain ng Neftali—daanan sa gawing dagat sa ibayo ng Jordan, Galilea ng mga Hentil! Itong bayang nag-apuhap sa gitna ng kadiliman sa wakas ay nakakita ng maningning niyang ilaw! Liwanag na taglay nito’y siya ngayong tumatanglaw sa lahat ng nalugami sa lilim ng kamatayan!”

Magmula noon ay nangaral na si Hesus. Ang sabi niya, “Pagsisihan ninyo’t talikdan ang inyong mga kasalanan, sapagkat malapit nang mag-hari ang Diyos.”

Sa paglalakad ni Hesus sa tabi ng Lawa ng Galilea, nakita niya ang dalawang mangingisda, si Simon na tinatawag na Pedro, at ang kapatid niyang si Andres. Sila’y naghahagis ng lambat. Sinabi niya sa kanila, “Sumunod kayo sa akin, at gagawin ko kayong mamamalakaya ng mga tao.” Noon di’y iniwan nila ang kanilang mga lambat at sumunod kay Hesus.

Nagpatuloy siya sa paglakad at nakita rin niya ang magkapatid na Santiago at Juan, mga anak ni Zebedeo. Sila’y nasa bangka, kasama ng kanilang ama, at naghahayuma ng lambat. Tinawag din sila ni Hesus. Agad nilang iniwan ang bangka at ang kanilang ama, at sumunod kay Hesus.

Nilibot ni Hesus ang buong Galilea. Nagtuturo sa mga sinagoga at ipinangangaral ang Mabuting Balita tungkol sa paghahari ng Diyos. Pinagaling din niya ang mga tao sa kanilang mga sakit at karamdaman.

—Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

Homiliya (*Umupo*)

Pagpapahayag ng Pananampalataya (*Tumayo*)

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nanga-bubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Panalangin ng Bayan

P—Manalangin tayo sa Ama na tulungan niya tayong isabuhay ang Mabuting balita ng kanyang Paghahari sa pamamagitan ni Hesus, ang kanyang Anak at ating Panginoon. Sa bawat petisyon, ating itugon:

T—Mapagmahal na Diyos, panatilihin mo kami.

L—Mapagmahal na Ama, gabayan mo sina Papa Francisco, mga obispo, mga pari, mga diakono, at mga layko. Sa pamamagitan ng iyong Espiritu, piliin nawa namin ang mga desisyong makabubuti sa Simbahan kahit pa mahirap itong piliin. Kami’y dumadalangin: (T)

L—Mapagmahal na Ama, liwanagan mo silang sa ami’y namamahala upang maipamalas nila ang iyong kalooban para sa amin sa kanilang paglikha ng mga patakarang nagtataguyod at nangangalaga sa dignidad

at karapatang pantao. Kami'y dumadalangin: (T)

L—Mapagmahal na Ama, nawa, kaming mga kasalukuyang dumaranas ng matinding pagdurusa, sa materyal, emosyonal, o espirituwal na aspekto, ay makatagpo ng kaaliwan sa aming pagmamahal at paglilingkod sa isa't isa. Kami'y dumadalangin: (T)

L—Mapagmahal na Ama, yakapin mo ang mga nauna na sa amin lalo na silang malapit sa aming puso. Kami'y dumadalangin: (T)

L—Idalangin din natin ang mga kapatid nating nangangailangan ng panalangin, ang mga pangangailangan ng ating pamayanan, at ang ating mga personal na kahilingan. (*Tumahimik*). Kami'y dumadalangin: (T)

P—Mapagmahal na Diyos, tulungan mo kaming hanapin sa tuwina ang iyong Kaharian, upang, gaya ng iyong Anak, ang aming buhay ay maging kaaliwan din para sa isa't isa sa aming paglalakbay pabalik sa iyo. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.
B—Amen.

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



Paghahain ng Alay (*Tumayo*)

P—Manalangin kayo...

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, tanggapin mong malugod ang aming mga handog. Ngayong ang kabanalan ay iyong dulot, kami'y sumasamo sa iyo't lumuluhog upang kaligtasa'y iyong ipagkaloob sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B—Amen.

Prepasyo (*Karaniwan VII*)

P—Sumainyo ang Panginoon.
B—At sumaiyo rin.

P—Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

B—Itinaas na namin sa Panginoon.

P—Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos.

B—Marapat na siya ay pasalamat.

P—Ama naming makapang-yarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat.

Kahit na ikaw ay pinagtaksilan ng sangkatauhan, ikaw ay patuloy pa rin sa iyong pagmamahal. Ikaw na ang nagpuno sa aming pagkukulang; ikaw pa rin ang nagsugo ng tutubos sa tanan. Ang sugo mong Anak ay naging di na iba sa amin bagamat di niya tinularan ang aming pagkamasuwayin. Niloob mo ito upang iyong mamalas sa aming pagkatao ang giliw mong Anak at kami'y tunghayan mong may pag-ibig na tulad ng pagtatangi mo sa kanya nang higit sa lahat. Ang katapatan niya sa iyong walang maliw ay nagpanumbalik na muli sa amin ng iyong kasiyaha't ng iyong pagtingin na aming iwinaksi noong ikaw ay aming suwayin.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, Santo, Santo... (*Lumuhod*)

Pagbubunyi (*Tumayo*)

B—Si Kristo'y namatay! Si Kristo'y nabuhay! Si Kristo'y babalik sa wakas ng panahon!

PAKIKINABANG

Ama Namin

B—Ama namin...

P—Hinihiling naming...

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

Paanyaya sa Pakikinabang (*Lumuhod*)

P—Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga

inaanyayahan sa kanyang piging.

B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona sa Komunyon (Jn 8:12)

Ang sabi ng Poong mahal, "Sa daigdig, ako'y ilaw. Kapag ako ay sinundan, ang dilim ay mapaparam at sa aki'y mabubuhay."

Panalangin Pagkapakinabang (*Tumayo*)

P—Manalangin tayo. (*Tumahimik*)

Ama naming mapagmahal, ipagkaloob mong sa aming pakikinabang sa iyong kagan-dahang-loob na bumubuhay lagi nawa naming maikarangal ang iyong pagpapalang sa ami'y ibinibigay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

PAGTATAPOS

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

Pagbabasbas

P—Magsiyuko kayo habang iginagawad ang pagbabasbas. (*Tumahimik*)

Pagpalain nawa kayo at ingatan ng Panginoon ngayon at magpasawalang hanggan.

B—Amen.

P—Nawa'y kahabagan niya kayo at subaybayan ngayon at magpasawalang hanggan.

B—Amen.

P—Lingapin nawa niya kayo at bigyan ng kapayapaan ngayon at magpasawalang hanggan.

B—Amen.

P—Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (+) at Espiritu Santo.

B—Amen.

Pangwakas

P—Tapos na ang Misa. Humayo kayong taglay ang kapayapaan upang ang Panginoon ay mahalina at paglingkuran.

B—Salamat sa Diyos.